Republic of the Philippines
**CITY COUNCIL**
**City of Manila**

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 74

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 380
**Serye ng 2023**

**KAPASIYAHAN** NA HINIHIMOK ANG MANILA TRAFFIC AND PARKING BUREAU NA MAHIGPIT NA IPATUPAD ANG ORDINANSA BILANG 7812 NA MAY PAMAGAT NA: "AN ORDINANCE PRESCRIBING RATES FOR PARKING, IMPOSING TOWAGE, IMPOUNDING AND STORAGE FEES FOR STALLED MOTOR VEHICLES AND FINE FOR ILLEGAL PARKING AND FOR OTHER PURPOSES", PARA MABAWASAN ANG ILIGAL NA PAGPARADA NG MGA SASAKYAN SA MGA KALSADA NA NAKAKASAGABAL SA DALOY NG TRAPIKO


MGA PANGUNAHING MAY AKDA:

**KGG. JESUS E. FAJARDO, JR.**

at

**KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.**
Punong Mayorya

SAPAGKAT, ang Manila Traffic and Parking Bureau (MTPB) ay inaasahang mas maging mahigpit sa pagpapatupad ng Ordinansa Bilang 7812 na lahat ng sasakyang iligal na nakaparada sa mga pampublikong lugar na dapat tanggalin dahil maaring makasagabal sa daloy ng trapiko sa loob ng Lungsod ng Maynila at maaring magdulot ng pinsala o magamit itong lugar para magsagawa ng iligal na aktibidad;

SAPAGKAT, ayon sa Ordinansa Bilang 7812 na isinulong at ipinasa ng ika-2 Sangguniang Panlungsod ng Maynila at pinangunahan ni Kgg. Nestor Ponce bilang may akda, kasama ang iba pang mga kagalang galang na miyembro ng konseho noong taong 1994, ang lahat ng "motor vehicles" ay may kaukulang multa at parusa na nakadepende kung ano ang sasakyang gamit ng mga lalabag;

SAPAGKAT, ang misyon ng Manila Traffic and Parking Bureau (MTPB) ay: "Tiyakin ang kahusayan at mabisang paghahatid ng mga pangunahing serbisyo at pasilidad sa pamamagitan ng direksyon at kontrol sa sitwasyon ng trapiko at pagtatalaga ng may bayad at walang bayad na paradahan sa lahat ng kalye at tulay sa loob ng Lungsod ng Maynila";

SAPAGKAT, inaanyayahan ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na makipag-ugnayan ang lahat ng barangay sa Lungsod ng Maynila na mag-ulat sa MTPB at ibang kaukulang ahensya ng lokal na pamahalaan patungkol sa mga sasakyang iligal na nakaparada sa mga kalsada ng kani-kanilang pinamumunuan na barangay: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na hinihimok ang Manila Traffic and Parking Bureau na mahigpit na ipatupad ang Ordinansa Bilang 7812 na may pamagat na: "AN ORDINANCE PRESCRIBING RATES FOR PARKING, IMPOSING TOWAGE, IMPOUNDING AND STORAGE FEES FOR STALLED MOTOR VEHICLES AND FINE FOR ILLEGAL PARKING AND FOR OTHER PURPOSES", para mabawasan ang iligal na pagparada ng mga sasakyan sa mga kalsada na nakakasagabal sa daloy ng trapiko; at mangyaring MULI

IPASIYA, na ang mga sipi ng Kapasiyahang ito ay maipamahagi sa lahat ng tanggapan ng lokal na pamahalaan, gusali at lahat ng pampubliko o pribadong paaralan sa Lungsod ng Maynila.

PINAMUNUAN NI:

**JOHN MARVIN C. "YUL SERVO" NIETO**
Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 15 ng Agosto, 2023.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

RRB: jhb/rmd/kjm/agv/egv/eys